

**MAS MURA,
MAS EPEKTIBO,
MAS LIGTAS**

Mag LIKAS PAGSASAKA na tayo...

**Wala ng hihigit pang ligaya sa pamilya
na ang pagkaing pinagsasaluhan ay tunay na
makapagbibigay laakas at
nakakapagpahaba ng buhay.**

**Isang alternatibong pamamaraan sa
pagsasaka na makakabawas sa
gastusin ng magsasaka.**

**Isang alternatibong paraan na epektibo at
maka "KALIKASAN".**

**HIGIT SA LAHAT, isang alternatibong
pamaraan na walang maidudulot na
kapahamakan sa kalusugan at sa
kapaligiran.**

Re-Produced by:

**RESEARCH, DEVELOPMENT & EXTENSION DIVISION
DAVAO ORIENTAL STATE COLLEGE OF SCIENCE &
TECHNOLOGY**

Guang-guang, Dahican, 8200 City of Mati, Davao Oriental
Tel. No.: 3884-625, TelFax: 3883-195, Website: www.
doscst.edu.ph, e-mail: office.president.doscst.edu.ph

DR. EDITO B. SUMILE
SUC President III

DR. ROY G. PONCE
Vice-President, Research, Development & Extension Division

DR. BERNADETTE J. NANUAL
Director for Research

DR. WILANFRANCO C. TAYONE
Director for Extension

NEMESIO R. ORDIZ
RD&E Staff/Lay-out


JENNETH C. PEREZ
RD&E Staff

Source: AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE - REGION IVA
KNOWLEDGE MANAGEMENT UNIT, UPLB, College,
Laguna

**RESEARCH, DEVELOPMENT
& EXTENSION DIVISION
DAVAO ORIENTAL STATE
COLLEGE OF SCIENCE & TECHNOLOGY**
Guang-guang, Dahican, 8200 City of Mati, Davao
Oriental



LIKAS NA PAGSASAKA "NATURAL FARMING"



**"para sa susunod pang
salin lahi"**

ANO ANG LIKAS NA PAGSASAKA?

Ito ay isang alternatibo at mabisang pamamaraan sa pagsasaka upang higit na mapangalagaan ang kalikasan para sa kapakinabangan ng mga susunod pang saling lahi. Sa paggamit ng mga kemikal at artipisyal na pamamaraan, ang kalikasan ay patuloy na nasisira at nasasakripisyo din ang kalusugan ng mga magsasaka.

ANO ANG KAIBAHAN NITO SA KARANIWANG PAMAMARAAN?

Ang mga ginagamit sa pagpapataba ng lupa at halaman, pag-iwas at pagsugpo ng mga peste ay galing sa natural na halaman at materyales.

May apat na nakagawian na mga pamamaraan na mawawala sa likas na pagsasaka tulad ng:

1. Pag-aalis ng damo (weeding);
2. Pag-aararo at paggamit ng mga mamahaling makinarya;
3. Paggamit ng kemikal na pataba;
4. Paggamit ng pestisidyo.

ANU-ANO ANG MGA PAMAMARAAN SA LIKAS NA PAGSASAKA?

1. Maka "KALIKASAN" (environment-friendly). Lahat ng mga gagamitin ay mga likas na materyales na walang kemikal.
2. May pagrrespeto sa lahat ng may "BUHAY" (respect for life). Hindi inaabuso at ginagamit ng nwasto ang mga may buhay tulad ng halaman at mga hayop.
3. May "KALIDAD" na produkto. Ang mga halamang pinalaki sa likas na pamamaraan ay malulusog, maraming nutrisyong nakukuha at madaming mamunga.
4. Hindi gumagamit ng kemikal na pamatay insekto. Sa pamamagitan ng mga natural na materyales at pamamaraan, sinusugpo ang mga mapaminsalang peste. Inoobserbahan din ang natural na inog ng buhay at ekolohiya nga kapaligiran.
5. Hindi gumagamit ng kemikal na pamatay damo. Gumagamit ng mga damo upang patabain and lupa at iwasan and pagkawasak "erosion" nito. May mga damo ring nakakapuksa ng peste.

6. Hindi gumagamit ng makinarya sa pag-araro ng lupa. Ang mga bulati, mikroorganismo at maliliit na hayop ang ginagamit sa pagbubungkal ng lupa.
7. Hindi gumagamit ng kemikal na pataba (fertilizer). Gumagamit ng mga materyales na mas mura, marami sa lugar at mas epektibo kumpara sa mga nabibiling kemikal na pataba.
8. Ang mga magsasaka ang siyang gumagawa ng kanilang pataba at pangsugpo ng mga peste sa pamamagitan ng pagsunod sa prinsipyo ng kalikasan (principle of nature). Ang mga mahahalagang sangkap na ito ang nagbibigay buhay sa halaman tulad ng:

- 8.1 Indigenous Microorganisms
- 8.2 Fermented Plant Juice
- 8.3 Oriental Herbal Nutrient
- 8.4 Lactic Acid Bacteria
- 8.5 Fish Amino Acid
- 8.6 Water Soluble Calcium
- 8.7 Insect Attractant